



### **Pagmimintina sa bakuran, pagparada sa kalye at ingay: Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na panatiliing luntian, malusog at ligtas ang Brampton sa spring na ito**

BRAMPTON, ON (Mayo 4, 2021) – Pinaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pagsunod sa mga ordinansa sa buong taon para makatulong sa pagmimintina ng isang malinis at ligtas na lungsod. Ang bawat residente ay may papel na ginagampanan sa pagtupad sa mga pamantayang ito.

Sa spring na ito, gawin ang iyong parte at maging isang magalang na kapitbahay. Hinihiling ang mga residente na tandaan ang sumusunod na mga ordinansa:

- [Imintina ang inyong bakuran](#). Kung mas mahaba na ang inyong mga damo kaysa isang soccer ball, panahon na para putulin ito. Ang mga damo at weed ay kailangang regular na putulin, na tinanggal ang clippings, para matiyak na hindi lalampas sa 20 sentimetro ang taas.
- [Panatiliing walang harang ang mga sidewalk](#). Kung mag-overhang ang mga sasakyan sa bangketa o sidewalk, maaaring maging balakid ang mga ito sa iba at magawang hindi ligtas ang mga sidewalk.
- Sa ilalim ng [Ordinansa sa Trapiko at Pagparada](#) ng Lungsod, ang mga behikulo ay hindi maaaring iparada sa kalye sa pagitan ng mga oras na 2 at 6 am o nang higit pa sa tatlong oras bawat pagkakataon. Tumatanggap ang Lungsod ng mga hiling para sa mga konsiderasyon na pumarada sa mga kalye nang kasinhaba ng 14 na araw sa bawat taon ng kalendaryo, ayon sa license plate ng behikulo. Ang konsiderasyon sa pagparada ay nagpapahinulot din sa mga sasakyan na pumarada na higit sa tatlong oras at/o sa pagitan ng 2 at 6 am. Nagpapahintulot din ito sa mga malalaking behikulo na dinisenyo para sa panlibangang paggamit na pumarada sa kalye. Ang mga konsiderasyon sa pagparada ay maaaring hilingin [dito](#).
- Habang ligtas na ginugugol ng mga residente ang mas maraming oras sa labas, hinihiling sila na panatiliing mababa ang labis na ingay. Sa ilalim ng Ordinansa sa Ingay, walang sinuman ang pinapayagan na gumawa, lumikha, o magdulot o payagan ang mga ito na mag-ingay na malamang na para disturbin ang ibang mga residente ng Brampton.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ordinansa ng Lungsod, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)